CALAMBALITA

Vol. 3 No. 002

March 11, 2019 Bilang 23

# CABESU OFFICERS, NAIHALAL NA!



Naihalal na ang mga bubuo sa opisyales ng bagong tatag na Calamba Association of Barangay Employment Services Units o CABESU nitong nakaraang 26 Pebrero 2019 sa ginanap na BESU Orientation Seminar na dinaluhan ng mga BES Officers ng 53 barangays ng lungsod. Naihalal si Mary Jane Manalo, BESO ng Barangay Sirang Lupa bilang President na siyang makakatulong ng Information, Investments Promotion and Employment Services Office (IIPESO) sa paggabay sa mga BESO sa pagtupad sa kanilang tungkulin.

Ibinaba sa mga barangay ang kaalaman ukol sa employment, career guidance, labor market information, training at livelihood base sa mandato ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa mga barangay employment services unit o BESU. Ipinaliwanag ni Ms. Noemi E. Talatala, hepe ng IIPESO ang estado ng employment sa lungsod ng Calamba habang idinetalye naman ni Dir. Guido Recio, Provincial Director ng DOLE Laguna ang legal na basehan ng pagtatatag ng PESO at BESU. "Ang pagkakaroon ng hanapbuhay, dulot ay kaginhawahan, pag-unlad at walang tambay sa barangay," ang naging tema naman ng lecture ni Ms. Mary Jane Corcuerra, Provincial PESO Manager ng Lalawigan ng Laguna. Dagdag pa niya, kailangang magtulungan at magkaisa ang bawat BESU upang mabigyang trabaho at hanapbuhay ang mga kabarangay nila. Inanyayahan din ni Ms. Corcuerra ang mga bagong halal na opisyales ng CABESU na maging aktibo sa bagong tatag din na federation ng mga BESU sa buong Laguna.

Upang mas maging epektibo ang monitoring sa mga BESU at maging mas tutok sa pagtugon sa mga katanungan, iginrupo ang mga BESU ayon sa districts at clusters na may kanya-kanyang cluster coordinators buhat sa IIPESO. Layon din nito na magtulungan ang mga BESU sa bawat cluster at district kapag may employment activities sa kanilang mga kasamahan sa cluster.

Narito ang kabuoan ng mga bagong halal na opisyales ng **CABESU:**

***President***
Mary Jane Manalo
*BESU Sirang Lupa*

***Vice President***
Alejandra Ruiz
*BESU Prinza*

***Secretary***
Jesus Garcia
*BESU Paciano Rizal*

***Assistant Secretary***
Cynthia Plantilla
*BESU Mayapa*

***Treasurer***
Raquel Ramiro
*BESU Barangay 2*

***Auditor***
Eulogio Tañala
*BESU Lingga*

***P. R. O.***

**East 1**
Rizalito Bawiin
*BESU Looc*

**East 2**
Majarla Gadi
*BESU Lamesa*

**West**
Joycelyn Sanque
*BESU Laguerta*

***Board of Directors***
Rebecca Tabiñas
*BESU Bañadero*
Aljon Elec
*BESU San Juan*
Myra Lanceta
*BESU Punta*
Nelson Unico
*BESU Palo Alto*
Michelle Naredo
*BESU Mapagong*

*-Celia Realubit / Noemi Talatala*



# MAYOR TIMMY CHIPECO NAGKALOOB NG DALAWANG BAGONG FIRE TRUCK SA CALAMBA CITY FIRE STATION KASABAY SA PAGGUNITA NG FIRE PREVENTION MONTH

Tumanggap ang Calamba City Fire Station ng dalawang bagong fire truck mula kay Mayor Justin Marc “Timmy” Chipeco noong March 4, 2019. Tinanggap ni F/Cinsp Jeffrey Atienza kasama ang buong pwersa ng Calamba City Fire Station personnel at sabay nilang ininspeksyon ang nasabing dalawang bagong fire trucks.

Sa flag raising ceremony nagpasalamat si F/Cinsp Atienza kay Mayor Timmy dahil sa patuloy na suporta nito sa kanilang tanggapan at nangakong lalong pagbutihin at pag ibayuhin pa ang pag papatrolya at pagbibigay kaalaman sa lahat ng Calambeño upang makaiwas sa sunog.

Aniya, sa buwang ito ng Marso ipinagdiwang ang Fire Prevention Month na may temang “Ligtas na Pilipinas Ating Kamtin Bawat Pamilya ay Sanayin Kaalaman sa Sunog ay Palawakin”, nagkaroon ng Fire Safety Refresher Training Course noong 2, 9, 16 at 23 ng Pebrero sa lahat ng Barangay Quick Response Teams na nilahukan ng Barangay Quick Response Teams (BQRT) ng 54 Barangay at mga non government organizations (NGO’s). Nagkaroon din ng Fire Safety Training Course ang lahat ng Fire Safety Industrial Brigade at private companies noong 19 Pebrero 2019. Sinundan naman ito ng Fire Prevention Games and Contest sa mga estudyante ng Barretto Elementary at High School, kung saan may drawing, essay, photo at poster making contest.

Noong 01 Marso 2019 ay nagkaroon ng Motorcade Kick Off-Ceremony for Fire Prevention Month 2019 na dinaluhan ng mga matataas na opisyal mula sa Regional Headquarters, Provincial at mga NGO’s. Nagkaroon din ng Unity walk, Walk for a Fire-Safe Nation at Motorcade along da riles. Sinundan naman ng Senior High School Fire Safety Training Course sa Don Bosco Senior High School, UPSH-Dalta Senior High School at St. John Senior High School noong 4 Marso 2019. Samantala may public appearance ng BFP official mascot si Berong Bumbero sa Lazare Academy, Camp Vicente Lim Nat’l High School, Barretto National High School at Majada Out Elementary School. Open House para sa estudyante sa Lady Bird School, Lazare Academy, Lecheria Elementary School at Liceo de Calamba. Sa darating na 15 Marso ay magaganap din ang 1st Senior High Urban Fire Olympics na dadaluhan ng mga estudyante mula sa Don Bosco Senior High School, UPSH-Dalta Senior High School at St. John Senior High School. Samantala gaganapin naman sa darating na 22 Marso 2019 ang 7th Mayor Timmy Chipeco Urban Fire Olympics 2019 sa Jose Rizal Plaza na lalahukan ng 54 barangays at ibat-ibang NGO’s. Sa 29 Marso naman magkakaroon ng Culminating Activity Musika Laban sa Sunog kung saan mayroong Mini Concert at Hip-Hop Dance competition na gaganapin sa Jose Rizal Plaza.

Pinasalamatan ni Fire Marshal Atienza sila Mayor Timmy Chipeco, Vice Mayor Roseller “Ross” Rizal at ang buong Sangguniang Panlungsod sa suportang kanilang natanggap.

*-Joel Cabactulan*







# PAGSASANAY SA ORGANIC VEGETABLE PRODUCTION, ISINAGAWA!



*Nagsasagawa ang mga kalahok sa pagsasanay ng Fermented Plant Juice (FPJ), Fermented Fruit Juice ( FFJ) at Fish Amino |Acid (FAA).*

Inilatag na ng Pamahalaang Lunsod ng Calamba ang sustainable organic vegetable program na itinaguyod ng Cooperative and Livelihood Development Department at ng City Agricultural Service Department. Dinaluhan ang pagsasanay ng mga residente mula sa iba't-ibang barangay sa lungsod.Tinalakay dito ang gulayan sa kabayanan, Container Gardening, Pest Management at Paggawa ng natural na pataba.

Unang naging batayan ng CLDD at CASD ang Republic Act 10068 o mas kilala bilang National Organic Agriculture of 2010.Pinaliwanag ng CASD pinamumunuan ni Mr. Eufrocino "Boy" Guerero ang napapanahong pagpatupad ng organic na paghahalaman dahil sa lumalaganap na mga sakit sa kasalukuyan.

Isinusulong ng pamahalaang lungsod ang programang ito upang maging ligtas ang kinakain ng mga Calambeño , magkaroon ng dagdag na pagkakitaan, maibalik ang dating natural na pamamaraan ng pagsasaka at pagsasanay sa mga Calambeño sa natural na paggugulayan.Itinuro din sa pagsasanay na ito kung paano magiging maparaan, masipag at bahagi na ng buhay ng mga Calambeño ang natural na paraan ng pagtatanim.

Sa Backyard Gardening, itinuro ng CASD na linisin ang mga bakuran, bungkalin ang nakatiwangwang lupa at tamnan ito ng mga gulay. Hinihikayat din nila ang companion gardening o ang pagtanim ng mga halamang gamot na maaring makapag paalis ng mga peste. Halimbawa sa mga halamang ito ang oregano, neem tree, madre de cacao at marami pang iba.

Sa container gardening naman, itinuro pa ng CASD na gamitin ang patapon nang mga basura tulad ng bote ng soft drinks, mineral water, sirang palanggana, sirang cover ng electric fan na maaring lagyan ng lupa para pag tamnan.Tiyakin lang na tama ang hinalong lupa na may kasamang garden soil, organic fertilizer at sandy soil o kusot para tiyak na tutubo ang halaman at mag bubunga ito. Dapat ding maging maparaan para makapagpabuhay at magbunga ang halaman.Itinuro pa nila sa mga kalahok na mag-ipon ng mga buto ng mga inaning gulay para maaring itanim sa susunod na planting season.

Ibinahagi rin ng CASD ang pamaraan para sa pagsugpo sa mga peste ng halaman.Ayun pa sa CASD, may dalawang uri ng peste sa halaman, ang friendly at mapamuksang peste.Ang halimbawa ng friendly pest ay bubuyog, paruparu at ibapa na naging pollinating agent sa mga namumulaklak na mga halaman, habang peste naman ay uod, langgam, tipaklong at iba pa.Ilan lang ito sa mga pamamaraan na isinusulong ng CASD ang tinatawag na Good Agricutural Practice.

Tuluy-tuloy pa rin naman ang pamamahagi ng CASD ng mga butong pananim sa mga nais magtanim at maging libangan ang organic na pamumuhay.

Sumailalim din ang mga kalahok sa paggawa ng natural na pataba tulad ng Fermented Plant Juice (FPJ), Fermented Fruit Juice ( FFJ) at Fish Amino |Acid (FAA).Ang FPJ ay ang pagkakatas mula sa mga talbos ng halaman na makuha mula lamang sa inyong bakuran na may halong pulang asukal o molasses 2 to 1 kilo ratio .Ang FFJ naman ay ang pagkakatas o pagbuburo ng mga tira-tirang prutas mula sa inyong hapag-kainan o kaya maaring makuha rin sa palengke na may halo rin itong pulang asukal o molasses 1 is to 1 kilo ratio.Ang FAA naman ay ang paghahalo ng lamang loob at hasang ng isda na may halo rin pulang asukal o molasses , 1 is to 1 kilo ratio.

Itinaguyod ng CLDD ang programang ito sa Pangunguna ni Ginoong Leonardo Opulencia upang matulungan ang mga small at backyard maging ang mga large scale farmers. Hinikayat pa ng CLDD sa pamamagitan ni Mam Daleng Tercero na handa ang pamahalaan upang tulungan lalo na ang mga nasa hanay ng small farmers maging ito man ay individual o organisadong grupo na ang layunin ay maisulong ang organikong paggugulayan. *-Jose G.Busayong*



# TAMANG PAGREREHISTRO, PANAWAGAN NG CCR




"Inclusive and Responsive CRVS: Working Smarter Through Innovation" ang tema ng pagdiriwang ng Civil Registration Month ngayong taon. Layon ng programang ito ang maipabatid sa mga Calambeño ang kahalagahan ng wastong datos ukol sa kapanganakan, kasal, kamatayan at iba pang mahahalagang impormasyon sa pagkakakilanlan ng isang tao.

Ayon kay Gng. Ednalina Masongsong, City Civil Registrar, magiging maginhawa ang pagpoproseso o pagkuha ng anumang pangunahing serbisyo o transaksyon sa mga ahensya ng gobyerno maging sa mga pribadong institusyon kung tama ang ating rehistro. Kaya naman sa suporta ng ating butihing Mayor, Justin Marc "Timmy" Chipeco, iba't ibang programa ang inihanay ng Pamahalaang Lungsod para sa pagtataguyod ng karapatang maitala.

Isa sa mga programa para dito ang seminar para sa mga sekretarya ng simbahan at iba pang religious groups ukol sa tamang pagrerehistro ng kasal habang pinulong naman ni Dr. Adelino Labro, pinuno ng City Health Services Department ang mga hilot, barangay healthworkers at iba pa upang ipaalala sa kanila ang mga alituntunin ng City Ordinance No. 2016-587, "An ordinance requiring only Health Professionals to handle Natural Deliveries at the Accredited Birthing Facilities and Provide Penalties for Violation thereof." Ayon sa ordinansang ito, bawal na ang pagpapaanak sa bahay, sa halip ay dapat nang dalhin ang mga manganganak sa pinakamalapit na health service facility para sa kaligtasan ng sanggol at ina nito.

Pinulong din ni Gng. Masongsong ang mga Day Care Workers ng bawat barangay upang maipahatid sa mga magulang ng mga mag-aaral na maiparehistro ang kanilang mga anak o maituwid ang mga maling datos sa kanilang mga birth certificates o iba pang civil registry documents.

Sa darating namang 28 ng Pebrero , libreng serbisyo ng pagkuha ng mga certification at certified true copy of birth, marriage at death certificates ang ipagkakaloob ng City Civil Registry. *-Ma. Elaine Francisco/ Marivic D. Balba*






# SM KABALIKAT SA KABUHAYAN (KSK) INILUNSAD

Inilunsad noong Enero 16, 2019 ng SM Foundation Inc. ang programa nitong Kabalikat sa Kabuhayan (KSK) sa Barangay Sampiruhan. Dinaluhan ito ng mahigit sa dalawang daang (200) magsasakat at 4P's beneficiaries mula sa iba't ibang barangay sa Calamba at maging sa karatig bayan nito.

Ang KSK Rural and Urban Farmers Training Program ay isang programang isasagawa sa pamamagitan ng pagtutulungan ng SM Foundation, Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamamagitan ng City Agricultural Services Department (CASD), City Social Services Development Office (CSSD0), Harbest Agribusiness Corporation at Sangguniang Barangay ng Sampiruhan.

Tinatayang tatagal ang pagsasanay ng apat (4) na buwan (Enero hanggang Abril) kung saan lingguhang magtitipon ang mga kalahok, sa ilalim ng paggabay ng mga eksperto mula sa Harbest Agibusiness Corp. Layon ng KSK na maturuan ang mga magsasaka at mga 4P's beneficiaries ng mga makabagong kaalaman at teknolohiya ukol sa pagtatanim ng gulay na magkakapagpataas ng ani lalo't higit ng kita ng mga kalahok. Dagdag pa dito, ay nais din ng pagsasanay na mapalakas ang ugnayan ng mga kalahok sa tamang merkado upang matiyak ang benta ng ani.

Dinaluhan ang nasabing programa nina G. Philip Bautista mula sa tanggapan ni Mayor Justin Marc SB. Chipeco, Kon. Charisse Anne Hernandez (Chairman, Committee on Agriculture), kinatawan mula sa tanggapan ni Kon. Totie Lazaro, G. Eufrocino J. Guerrero (City Agriculturist), Gng. Celine Manabat (CSSDO Officer), Gng. Cristie Angeles (SM Foundation), G. Toto Barcelona (Harbest Agribusiness Corp.) at Barangay Chairman Hilario Dumalaon (Brgy. Sampiruhan). *-Tessa Mar Espino*



*Ang mga magiging kalahok sa ng SM Kabalikat sa Kabuhayan Rural and Urban Farmers Training Program kasama ang mga opisyal at tauhan mula Pamahalaang Lungsod ng Calamba, SM Foundation, Harbest Agribusiness Corp., at Sangguniang Barangay ng Barangay Sampiruhan.*

GAD on the spot

# GAD SHOWS OFF PROGRAMS, PROJECTS DURING THE VISIT OF PUERTO GALERA - LGU

The Gender and Development Office showcased the City of Calamba's existing programs and projects during the visit of the employees of the Municipality of Puerto Galera, Oriental Mindoro to acquire additional knowledge on GAD Mainstreaming and GAD Planning and Budgeting for 2020 last January 30, 2019.

With a total of forty (40) participants, Miss Neriah T. Erasga, GAD staff discussed the different programs, projects and activities which are funded by GAD for previous years. These included the following: establishment of GAD Building which is currently occupied by five (5) newly hired staff, MTCC personnel and employees of Nutrition; the Child Minding Center which offered temporary shelter to employee's children while they are at work; Birthing Facility to provide convenience to pregnant women; three(3) shelters under the management of CSSD and seven(7) newly constructed Day Care Centers; the Men Oppose Violence Everywhere (MOVE) under the management of CHRMO; Women's Month with its underlying activities like: Walk in her Shoes and Buntis Congress; the Capability Building of each department to reinforce their knowledge on gender issues and concerns; and for the future projects which included: the Rehabilitation Center for Drug Dependents and Surrenderees, Women Empowerment Center under Manpower Division, Migration Center, Breast Milk Bank, Productivity and Recreational Center for Children, and the Job Makes Change: Search for the Business Plans and Ideas for Women which was being discussed during the EXECOM meeting.



Through the support of Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, these programs and activities provided equal opportunities to marginalized sectors, the main reason why Mayor Chipeco is very enthusiastic when it comes to implementing programs and projects that would not only improve the quality of living of all Calambenos but also protect their rights and privileges as human beings.

During the audiovisual presentation, the awards received for the Best Gender and Development (GAD) Implementer in the City Category from Regional Development Council for 2017 and 2018, and 1st place Best GAD Implementatioin the City Category for the year 2016 were shown to explain how intensive and serious Calamba is in implementing the projects.

Present also in the said event is Ms. Alona L. Lantican, Supervising Administrative Officer,City Administration Office and Ms. Nancy O. Castro, GAD Secretariat who assisted the participants during their visit at GAD OFFICE. *(J. Macasinag)*

# GAD, AGRI JOINS FORCES FOR A SEMINAR ON FAITH

The City Agricultural Department in partnership with Gender and Development Office conducted a seminar on Urban Agriculture at Barangay San Cristobal, Calamba City last February 08, 2019 to help the residents improve their means of living as well as enhance their learnings on agriculture.

In the seminar, a total of thirty (30) women under the Rural Improvement Club (RIC) of the said barangay participated to acquire knowledge on how to properly utilize their land. Through new methods discussed by lecturers from agriculture, the attendees were able to learn how to make organic fertilizer from gills and internal organs of fish (so-called Fish Amino Acid), and from fruits and plants (so-called Fermented Fruit Juice and Fermented Plant Juice).

The comics Gulayan sa Kabayanan: as a program of the Food always in the Home (FAITH) was introduced by the City Agricultural Services Department together with Honorable Mayor Justin Marc SB Chipeco to provide ideas and proper practices in urban farming and to substantiate their knowledge should they forget some of the procedures of proper planting of vegetables and plants as well as alternative ways to utilized limited planting space. This comics was funded under previous years' Gender and Development budget to serve as promotional materials to marginalized sectors who want to learn the art of farming are residing in an urban area, and those who have migrated to Calamba for good.

Ms. Sally Quilay and Mrs. Margarita Hermano, Agricultural Technicians said that the comic was very informative and educational because it did not only introduce nutritious foods, but also promoted organic and easy farming.

"Since organic farming plays a vital role in achieving a healthy living, the ideas in this comics show that farming is not only for landowners but also for urban dwellers." Quilay stated.

More seminars will be conducted this year to help people attain a greener environment . "FAITH is set to reach the barangays, and different schools in Calamba to give access to ideas on organic farming,"Hermano added.

Present in the event were members of the Agricultural Training Institute (ATI) who chose San Cristobal as one of the learning sites for Urban Agricultural activities in CALABARZON. They also provided the equipment and materials the RIC can use in organizing and improving their farming. *(J. Macasinag)*



# FRESH AIR BA? SA CALAMBA TUMIRA!

Sa isang artikulo buhat sa GMA News Online, kinilala ang Lungsod ng Calamba bilang cleanest city in Southeast Asia in terms of PM2.5 level sa taong 2018. Ayon sa naturang artikulo, sa pag-aaral ng dalawang grupo, ang IQ AirVisual at Greenpeace ukol sa air quality sa buong mundo, nangunguna ang Lungsod ng Calamba na may pinakamababang antas ng PM2.5 pollutants sa antas na 9.3 micrograms of PM2.5 per cubic meter (µg/m3). Batay ang datos na ito sa nakalap na PM2.5 pollutants level sa mga lungsod ng anim na Southeast Asian nations ng Cambodia, Indonesia, Singapore, Thailand, Vietnam at Pilipinas.

Ayon sa pag-aaral, pinakamasama ang epekto sa katawan ng tao ng PM2.5, isang uri ng polusyon sa hangin na dulot ng usok mula sa sasakyan, pabrika at pagsusunog ng kahoy at iba pang mga bagay. Dahil umano sa liit nito, madali itong nakakapasok sa katawan ng tao at mabilis na nakakaapekto sa ating respiratory system o sa ating baga at paghinga at maaaring magdulot ng malalang karamdaman. Ito rin diumano ang pinakamalimit na sanhi ng pagkakasakit ng mga tao sa buong mundo.

Ikinatuwa ng pamunuan ng Lungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc “Timmy” SB. Chipeco ang pagkilalang ito at itinuring itong isang patotoo sa adhikain ng lungsod na sundin ang mga panuntunan ng RA 8749 o ang tinuguriang Clean Air Act.

Pumangalawa naman ang Pilipinas sa Japan sa bansang pinakamalinis ang hangin sa buong Asya samantalang New Delhi ng India naman ang most polluted city sa buong mundo.
*-Noemi Talatala*

Source: GMA News Online




Most Polluted Regional Cities

| Rank | City | 2018 AVG |
|---|---|---|
| 1 | Jakarta, Indonesia | 45.3 |
| 2 | Hanoi, Vietnam | 40.8 |
| 3 | Samut Sakhon, Thailand | 39.8 |
| 4 | Nakhon Ratchasima, Thailand | 37.6 |
| 5 | Tha bo, Thailand | 37.2 |
| 6 | Saraburi, Thailand | 32.6 |
| 7 | Meycauyan City, Philippines | 32.4 |
| 8 | Samut Prakan, Thailand | 32.2 |
| 9 | Ratchaburi, Thailand | 32.2 |
| 10 | Mae Sot, Thailand | 32.2 |
| 11 | Caloocan, Philippines | 31.4 |
| 12 | Si Maha Phot, Thailand | 30.9 |
| 13 | Pai, Thailand | 29.4 |
| 14 | Chon Buri, Thailand | 27.3 |
| 15 | Ho Chi Minh City, Vietnam | 26.9 |

Cleanest Regional Cities

| Rank | City | 2018 AVG |
|---|---|---|
| 1 | Calamba, Philippines | 9.3 |
| 2 | Valenzuela, Philippines | 9.9 |
| 3 | Carmona, Philippines | 10.9 |
| 4 | Satun, Thailand | 11.3 |
| 5 | Paranaque, Philippines | 12.2 |
| 6 | Davao City, Philippines | 12.6 |
| 7 | Makati, Philippines | 13.7 |
| 8 | Manila, Philippines | 14.3 |
| 9 | Mandaluyong, Philippines | 14.5 |
| 10 | Singapore, Singapore | 14.8 |
| 11 | Narathiwat, Thailand | 15.2 |
| 12 | Balanga, Philippines | 16.1 |
| 13 | Quezon City, Philippines | 17.5 |
| 14 | Nan, Thailand | 17.6 |
| 15 | Las Pinas, Philippines | 17.9 |

Image: 2018 World Air Quality Report: Region & City PM2.5 Ranking, IQAir AirVisual






# MAY 2019 ELECTIONS
## Calendar of Activities
### CITY OF CALAMBA

## MAY 13, 2019 MONDAY

**ELECTION DAY**

**LIQUOR BAN**
May 12 - May 13 2019

**CAMPAIGN BAN**
May 12 - May 13 2019

**GUN BAN**
January 13 - June 12 2019

| DATE | ACTIVITIES |
|---|---|
| Feb. 12, 2019 - May 11, 2019 | Campaign period for Senators and party-list groups |
| March 30, 2019 - May 11, 2019 | Campaign period for members of the House of Representatives, regional, provincial, city, and municipal officials |
| June 12, 2019 | Deadline for filing of Statement of Contributions and Expenditures (SOCE) |

IIPESO CALAMBA
Information, Investment Promotions & Employment Services Office

# City of Calamba DIRECTORY 545-6789

OFFICE | LOCAL NO.

MAYORS OFFICE 8307 / 8306
545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225
OSCA 576-4963 SECTORAL 8213

**ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO**
CITY MAYOR

**HON. ROSELLER H. RIZAL**
CITY VICE MAYOR

VMO 8310 VMO Extension 8315 VMO Staff 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. LARRY DIMAYUGA | 8316 |

ACCOUNTING 8202 / 8203 / 8204
ADMIN 8303
AGRI 8001 / 8002
ASSESSOR 8107 / 8108 / 8109
BPTFO 8100 / 8101 / 8102 / 8104
BUDGET 8205 / 8206
BUILDING 8030 / 8031
CENRO 8217 / 8218
COOP 8018 / 8019
CPDO 8208 / 8209 / 8210
CSSD (DSWD) 8226 / 8120
ENGINEERING 8211 / 8212 / 8214
GSO 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
HEALTH 8015 / 8016
HOUSING 8020 / 8021
HRMO 8219 / 8220
IIPESO 8011 / 8012 / 8014
ICT 8005
LEGAL 8221 / 8222

POPULATION 8329
POSO 8024 /8025/ 8026
REGISTRY 8115 / 8116 / 8117
TOURISM 8331 / 8332
TREASURY 8110 / 8111 / 8112 / 8114
VET 8003 / 8004

PNP 8702 / 8700 / 8701
BFP 8601 / 8600
CCC (049) 545-0160/545-0555/502-0677
CMDC 306-0112 / 545-4384
COA 8215 / 8216
COMELEC 8017
DepEd 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
DILG 8223 / 8224
LANDBANK 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
WATER DISTRICT
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895


# CALAMBALITA

## EDITORIAL BOARD


**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*


*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*


**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/




https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba



https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/

